# SABAY SABAY UMANONG NAKA-DISABLED ANG MGA FACEBOOK ACCOUNT NG ILANG MGA KAWANI NG LOKAL NA PAMAHALAAN NG SILANG CAVITE MAGING ANG OPISYAL NA ACCOUNT NI MAYORAL ASPIRANT OMIL POBLETE

Sa isang pabatid sa social media kamakailan, ibinahagi ni Silang Mayor Corie Poblete na sabay sabay umanong naka-disabled ang mga Facebook account ng ilang mga kawani ng kanilang lokal na pamahalaan maging ang opisyal na account ni Mayoral aspirant Omil Poblete.

“Ipinapaalam ng inyong lingkod na maraming mga kawani ng Pamahalaang Bayan ang na-disable ang kanilang mga account sa Facebook ng sabay-sabay kagabi, pati na rin ang account ng aking kapatid na si Mayor Omil Poblete,” pahayag ni Mayor Corie.

Dagdag pa nito, napagalaman umano nila na mayroong gumawa ng bagong account sa ilalim ng pangalan ng kanyang kapatid kaya’t binigyang paalala niya ang mga kababayan na FAKE ang naturang bagong account at maging mapanuri.

“Nito lamang tanghali, napag alaman ng ating mga kasama sa munisipyo na may gumawa na ng bagong account na may pangalang Emilia Poblete. Ito ay FAKE ACCOUNT at hindi ito ang account ni Mayor Omil,” aniya.

“Nakababahala ang ganitong mga kaganapan na nararanasan ng ating mga kababayan. Kaya't bilang Ina ng Silang, ating pinaaalalahanan ang lahat na mag-ingat at maging mapanuri upang hindi malinlang ng disinformation,” pagpapatuloy ng alkalde. **(EFREN CHAVEZ)**

## PARTIKULAR NA ANG MGA SINESERBISYUHAN NG PUTATAN WATER TREATMENT PLANT ZONE

# MWSS-RO, MAYNILAD WATER SERVICES INC. APEKTADO NG WATER SERVICE INTERRUPTION

Inanunsyo ng Metropolitan Waterworks and Sewerage System-Regulatory Office (MWSS-RO) na mabibigyan ng diskwento ang ilang customers ng Maynilad Water Services Inc. partikular na ang mga sineserbisyuhan ng Putatan Water Treatment Plant Zone na apektado ng water service interruption.

Tinatayang aabot umano sa P 323.00 ang rebate na maaaring makuha ng Maynilad customers mula sa ilang bahagi ng Muntinlupa, Parañaque, Las Piñas, at Pasay, gayundin sa ilang bahagi ng Cavite gaya ng Bacoor, Imus, Rosario, at Noveleta ngayong buwan ng Abril.

Sa isang pahayag, sinabi ni MWSS-RO chief regulator Patrick Ty na ang nasabing rebate ay magmumula sa ipinataw na multa ng MWSS sa Maynilad matapos ang napahabang water service interruptions sa mga nabanggit na lugar simula noong Disyembre 2021 hanggang Pebrero 2022.

“Based on the evidence gathered from its investigation, the MWSS-RO concluded that Maynilad failed to meet its Service Obligation of ensuring the availability of an uninterrupted 24 hour supply of water at seven pounds per square inch (psi) minimum pressure to all connected Customers in its Service Area,” pahayag ni Ty.

“Customers within the PWTP Supply Zone were found to have been deprived of water service obligation for at least 15 days, which adversely impacted their health and welfare,” dagdag pa nito.

Samantala, una nang iginiit ng Maynilad na nagkaroon ng problema sa produksyon sa Putatan Water Treatment Plant Zone dahil sa hindi umano maayos na kalidad ng tubig mula sa Laguna Lake.

Sineserbisyuhan ng Maynilad ang ilang mga lugar sa lungsod ng Maynila, Makati, Quezon City, Caloocan, Pasay, Parañaque, Las Piñas, Valenzuela, Muntinlupa, Navotas, at Malabon sa Metro Manila.

Sakop din ng serbisyo ng Maynilad ang ilang mga lugar sa Cavite tulad ng lungsod ng Bacoor, Cavite, at Imus, bayan ng Kawit, Noveleta, at Rosario. **(EFREN CHAVEZ)**

*Opisyal na pinasinayaan at binasbasan ang bagong Gov. Ferrer Memorial Integrated National High School sa lungsod ng General Trias, na mayroong apat na palapag at 40 classrooms. Ang naturang proyekto ay nabuo sa pagtutulungan ng Nasyonal at Lokal na Pamahalaan.* ***(EFREN CHAVEZ)***

NORTH SOUTH JOURNAL
PATAS AT MAKATARUNGANG PAHAYAGAN
YOUR NATIONAL NEWSPAPER

## Prayer for Healing

**JESUS**, may Your pure and healthy blood circulate in my ailing organism, and may Your pure and healthy body transform my weak body, and may a healthy and vigorous life throb within me, if it is truly Your holy will. Amen.

O BLOOD AND WATER WHICH FLOWED OUT FROM THE HEART OF JESUS AS A FOUNTAIN OF MERCY FOR US, I TRUST IN YOU!



*Holy God, Holy Mighty One, Holy Immortal One, Have Mercy on us and on the whole world. Amen.*

## 3 O’CLOCK PRAYER

“You died Jesus, but the source of life flowed out for souls and the ocean of mercy opened up for the whole world. O Fountain of Life immeasurable Divine Mercy, cover the whole world and empty Yourself out upon us.”

“O Blood and Water which flowed out from the heart of Jesus as a Fountain of Mercy for us, I trust in you!”

“Holy God, Holy Mighty One, Holy Immortal One have mercy on us and on the whole world.” (3x) Amen.

Jesus, King of Mercy, I trust in you!

ACCEPTING ADS THRU: (046) 434-6167/0919-0022698